Para Sa: Mga Magsisipagtapos Ngayong Taong Pampaaralan 2014-2015
Pambansang Mataas na Paaralan ng Urbiztondo

Malugod akong bumabati sa inyong matagumpay na pagtatapos!

Sa panahon ngayong mas bumibigat ang mga hamon sa pagpapa-aral bunga ng patuloy na pagtaas ng mga bayarin, serbisyo at bilihin, isang napakalaking tagumpay ninyo at ng inyong pamilya ang makapagtapos sa inyong pag-aaral.

Marami kayong dinaanang pagsubok lalo na sa mga akademiko at ekstra-akademikong gawain sa loob at labas ng inyong paaralan. Subalit, kayo ay nagpunyagi upang mapagtagumpayan ang mga ito. Ako'y nagpupugay sa inyong sipag at pagsisikap.

Gayundin ang aking pagpupugay sa inyong **Mga Guro at sa Pamunuan** ng inyong paaralan. Sila ang nagplano at nagsagawa ng lahat ng mga leksiyon at gawain para kayo ay matuto at mahubog bilang mahalagang kasapi at yaman ng ating pamayanan.

Ako'y bumabati at humahanga sa inyong mga **Magulang o Guardians**. Sila ang naglaan ng kanilang mahabang panahon at maraming suporta na inyong kinailangan. Sila rin ang umintindi sa inyong mga gawi, kilos at mga pangangailangan sa bawat yugto ng inyong paglaki.

Higit sa lahat, ako'y kasama ninyo sa pagpupugay at pagpapasalamat sa ating Banal na Panginoon sa lahat ng patnubay at biyayang ipinagkaloob Niya sa inyong lahat.

Nawa'y magpatuloy ang inyong tagumpay sa susunod na yugto ng inyong pag-aaral. Kasama niyo ako sa naturang panalangin.

MABUHAY KAYONG LAHAT!

Naglilingkod at nagmamahal,

MARTIN RAUL S. SISON II
Punong Bayan